Australian Government
Department of Social Services

National Carer Strategy

# Panimula sa Pambansang Istratehiya sa Tagapag-alaga

Ang National Carer Strategy (ang Istratehiya) ay nagtatakda ng pambansang talaan ng pag-uusapan (agenda) upang masuportahan ang mga hindi-binabayarang mga tagapag-alaga ng Australya, para mapahusay at mapanatili ang kanilang kagalingan, upang mabigyang- kapangyarihan ang mga tagapag-alaga sa pamamagitan ng mga gamit (tools), mga kasanayan at kaalaman na kanilang kailangan para maabot nila ang kanilang mga mithiin at hangarin, at upang mas mabuting mai-balanse ang kanilang mga buhay sa ginagampanan nilang tungkulin.

Ang Istratehiya ay nakatakda sa 5 mga bahagi upang ipaliwanag kung ano ang nais nitong makamit at kung bakit.




Mahusay na binabanggit sa Istratehiya ang pangako ng Pamahalaang Australya sa patuloy na pagpapahusay at pagpapalago ng suporta para sa mga tagapag-alaga. Ito ang magtatakda ng direksyon at pagtatakbuhan ng aming mga pinagsama-samang pagsisikap upang magpatnubay ng positibong pagbabago para sa mga tagapag- alaga.

Sa pagbubuo ng mga umiiral na hakbang, ipapatupad ng Istratehiya ang isang proseso ng mga pag-aksyon sa pagdaan ng panahon upang harapin ang pang-araw-araw na mga epekto sa pagbibigay ng pangangalaga sa ibang mga tao.

Ang mga karanasan at pananaw ng mga tagapag-alaga ay magbibigay ng kaalaman sa pagbubuo ng mga plano ng pag-aksyon at isang balangkas ng mga resulta. Ito ang magtatakda ng landas para sa mga pag-aksyon sa hinaharap na ihahatid sa ikatatagal ng buhay ng Istratehiya.

Ang progreso sa paghahatid ng mga aksyong ito ay susubaybayan at iuulat batay sa balangkas ng mga resulta upang matiyak na malinaw na makikita ang mga benepisyo para sa mga tagapag-alagang hindi-binabayaran sa buong bansa.

# Pagbubuo ng Istratehiya

Ang Istratehiya ay binuo batay sa isang malakas na katibayan. Upang matiyak na nagkukunsidera ito sa mga karanasan at pananaw ng mga tagapag-alaga sa Australya, nagsagawa kami ng isang kampanya upang marinig kung ano ang nasa isipan ng mga tagapag-alaga:

- naghirang ang Ministro ng isang Advisory Committee na binuo ng mga may-tunay-na-buhay na karanasang mga tagapag-alaga
- ipinalabas namin ang isang papel na pampublikong usapan at komento (discussion paper) at talatanungan (questionnaire) at nakatanggap kami ng mahigit sa 750 na mga pagsusumite
- nagsagawa kami ng mahigit sa 100 harap-harapan at online na konsultasyon sa buong bansa sa metropolitan, rehiyonal at malalayong lokasyon, kabilang ang nakatuon na konsultasyon sa mga tagapag-alaga na nagmula sa iba't-ibang mga komunidad tulad ng LGBTQIA +, mga tagapag-alagang mula sa magkakaiba't-ibang kinagisnan at wika, mga tagapag-alagang mula sa mga Unang Bansa, at mga batang tagapag-alaga
- mahigit sa 1800 na mga tagapag-alaga ang nagbahagi ng kanilang mga opinyon upang ipagbigay-alam sa pagbubuo ng Istratehiya
- inatasan namin ang Australian Institute of Family Studies na siyasatin kung ano ang masasabi sa amin ng pananaliksik tungkol sa mga tagapag-alaga
- pinag-aralan namin ang House of Representatives Standing Committee on Social Policy and Legal Affairs Inquiry tungkol sa pagkukunsidera sa mga hindi-binabayarang tagapag-alaga upang makakuha ng isang mas mahusay na pang-unawa sa ginagalawang larangan sa trabaho (landscape) ng tagapag-alaga

## Ano ang alam natin tungkol sa mga tagapag-alaga

Natuklasan ng [Survey of Disability, Ageing and Carers (SDAC)] na:



## Ang mga tagapag-alaga ay nagkakaiba't-iba

Dagdag pang inihayag ng SDAC na noong taong 2022, ang mga pangunahing tagapag-alaga, na nakatira sa mga sambahayan:

3.4% inilarawan ang kanilang sekswal na pagkilanlan bilang bakla o tomboy, bisexual o gumamit ng ibang kataga tulad ng asexual, pansexual o queer (LGBTQIA+)

12.7% na pangunahing nagsasalita sa bahay ng isang wikang liban sa Ingles

29.9% ang ipinanganak sa ibang bansa

24.2% ang nanirahan sa isang lugar na nasa malubhang kawalan ang socio-economic na katayuan (ABS, 2022)


May mga makabuluhang puwang (gap) ng impormasyon tungkol sa aktwal na bilang ng mga tagapag-alaga sa Australya at kailangan namin ng isang mas malawak na bilang ng populasyon na lubos na maglalarawan sa ginagalawang larangan ng tagapag-alaga.

Tinukoy ng Australian Institute of Family Studies (AIFS, 2024) na ang mga tagapag- alagang mula sa Mga Unang Bansa, mga nagkakaiba't-ibang kinagisnang kultura at wika na komunidad at mga LGBTQIA+ ay bukod-tanging kulang sa pagkukunsiderasyon at kulang sa pagtutukoy ng pagkilanlan sa pangongolekta ng datos.

Ang ilang mga tao na nagbibigay ng pangangalaga ay hindi palaging itinuturing ang kanilang mga sarili bilang mga tagapag- alaga. Itong mga 'nakatagong' tagapag-alaga ay maaaring walang malay sa o hindi naghahanap ng mga serbisyong pangsuporta. Pinuna ng AIFS na ang 'umiiral na datos tungkol sa hindi-binabayarang pangangalaga ay may malaking kakulangan sa pagtatantya sa laki ng mga sinasaliksik na grupo (cohort). Mayroon ding puwang sa datos ng mga tagapag-alaga ng mga taong apektado ng trauma, tulad ng mga beterano, refugee, at mga unang taong taga-responde (halimbawa, mga pulis, paramedic).

## Pagkakapinagkurusanng mga tagapag-alaga

Ang pagkakapinagkurusan ng mga hindi- binabayarang tagapag-alaga ay dapat na mabigyang kunsiderasyon. Ang mga karagdagang hadlang, paghamon at diskriminasyon na nararanasan ng mga tagapag-alaga ay lumalaki para doon sa mga may pagkakasapaw ng mga pagkakilanlan tulad ng etnisidad, kultura, relihiyon, edad, sekswal na pagkakilanlan, pagkakakilanlan ng kasarian, kapansanan at katayuan pang- socio-economiko.



# Pananaw

> Isang Australyanong komunidad na ang lahat ng mga tagapag-alaga ay binibigyang kunsiderasyon, pinahahalagahan at binigyang-kapangyarihan ng suportang kanilang kailangan upang lubusang makilahok sa lipunan at tuparin ang kanilang ginagampanang pangangalaga.

## Paano natin makakamit ang ating pananaw?

Sa pagbubuo at pagpapasulong ng mga aksyon upang makamit ang pananaw na ito, kami ay gagabayan ng isang hanay ng mga alituntunin na nagkunsidera sa aming napakinggan na mahalaga para sa mga tagapag-alaga.

Ang mga alituntunin ang magiging batayan ng disenyo, pagbubuo, at pagpapatupad ng mga aksyon.

## Mga Prinsipyo ng Pambansang Istratehiya ng Tagapag-alaga

| | | |
|---|---|---|
| | **Nakasentro-sa tagapag-alaga:** | Ang mga naging tunay-na-buhay na karanasan ng mga tagapag-alaga ay isasama sa kasamang-disenyo at kasamang-produksyon ng mga patakaran, suporta at serbisyo para sa mga tagapag-alaga. Ang mga naging tunay-na-buhay na karanasan ng mga tagapag-alaga ay isasama sa mga proseso ng pagtatasa. |
| | **May-kaalaman na ebidensya:** | Ang mga patakaran, suporta at serbisyo ng mga tagapag-alaga ay mabibigyang-kaalaman sa pamamagitan ng katibayan, at ang pagbabago ay gagamitin upang harapin ang mga paghamon na naranasan ng mga tagapag-alaga. |
| | **Naa-access, pantay-pantay at mapangkupkop:** | Ang mga patakaran, suporta at serbisyo ng tagapag-alaga ay magiging mapangkupkop at ipinasadya upang tumugon sa mga pangangailangan ng lahat ng mga tagapag- alaga, sa lahat ng mga yugto ng pag-aalaga, pagkukunsindera sa pagkakaiba't-iba ng mga tagapag-alaga at ang kahalagahan ng pang-kultura at sikolohikal na kaligtasan. |

Australian Government
Department of Social Services

National Carer Strategy

| | | |
|---|---|---|
| | Ahensyang nagsusuporta: | Ang disenyo ng mga patakaran, suporta at serbisyo para sa mga tagapag-alaga ay pagaganahin ng mga mapagpipilian na naaangkop sa kanila. |
| | May-kalinawan at may kapanagutan: | Ang mga departamento ng pamahalaang pederal ay magiging may kalinawan sa kanilang mga proseso upang mas makunsidera at mapahalagahan ang mga tagapag-alaga at mag-uulat sa kanilang nagiging progreso. |

## Mga Layunin

- Ang mga tagapag- alaga ay tinutukoy, kinukunsidera, at pinahahalagahan.
- Ang mga tagapag-alaga ay nabigyang kapangyarihan na gampanan ang kanilang tungkulin sa pag-aalaga, habang itinutuloy pa rin ang iba pang mga aspeto ng kanilang buhay.
- Sinusuportahan ang pangkalusugan, pangkaligtasan, kagalingan at katatagan sa pananalapi ng mga tagapag-alaga.

## Mga lugar na prayoridad ang resulta

- Ang komunidad, pamahalaan at ang mga taong nagbibigay ng may-bayad na pangangalaga at pagsusuporta ay nagkukunsidera at pinahahalagahan ang mga kontribusyon at kadalubhasaan ng mga tagapag-alaga at sinusuportahan ang mga tagapag-alaga na magpakilala sa sarili hangga't maaga pa.
- Ang mga tagapag- alaga ay maaaring mag-access ng mga suporta, serbisyo at programa sa tamang oras, tamang lugar at sa tamang paraan sa kabuuang pagko-koordinasyon ng pangangalaga.
- Nagagawang linangin ng mga tagapag-alaga ang kaalaman at mga kasanayan na kailangan nila upang maipatupad ang kanilang ginagampanang pangangalaga.
- Ang mga tagapag- alaga ay maaaring mag-access, ituloy at ipanatili ang pagkakaroon ng trabaho at edukasyon, kabilang ang pagpapahusay ng pinansyal na kagalingan para sa kanilang sarili at sa mga taong kanilang inaalagaan.
- Ang mga tagapag- alaga ay may access sa mga suporta na pinangangalagaan ang kanilang sikolohikal, pisikal at panlipunang kagalingan.
- Magbuo ng batay sa ebidensya tungkol sa mga tagapag-alaga upang mas maunawaan kung ano nga ba ang mga tagapag-alaga, kung ano ang kanilang mga karanasan, kung ano ang gumagana para sa kanila at kung bakit.

# Mga susunod na hakbang sa paghahatid ng mga resulta

Sa pagdaloy ng buhay ng Istratehiya, patuloy naming tutukuyin ang mga pagkakataon para sa pagpapahusay, pagpaplano kung paano namin haharapin ang mga problema, ipatupad ang mga aksyon at tiyakin ang kanilang tagumpay sa pagpapahusay sa mga buhay ng mga tagapag-alaga.

## Mga Plano sa Pag-aksyon

Bubuuin ang isang proseso ng mga plano ng pag-aksyon. Sa unang dalawang taon ng Istratehiya ay:

- maghatid ng isang balangkas ng mga resulta
- ihatid ang Unang Plano ng Pag-aksyon
- makipagtulungan sa mga namumuhunan upang maipatupad ang mga paunang aksyon

Habang natatamo ang mga resulta ng iba pang mga reporma, maaaring may lumitaw na mga bagong prayoridad na lugar para sa mga tagapag-alaga. Sa ikatatagal ng buhay ng Istratehiya, susukatin at susuriin namin ang epekto ng mga aksyong itinalaga. Ito ay magbibigay kaalaman para sa pagbubuo ng mga plano ng pag-aksyon sa hinaharap upang makamit ang pananaw ng Istratehiya.

## Huling pagrerepaso

Magsasagawa kami ng huling pagsusuri at pagtatasa upang tasahin ang epekto at pagiging epektibo ng Istratehiya.